# KAPASIYAHAN BLG. 2023-20

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 6-2022 NG SANGGUNIANG BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN NA MAY PAMAGAT NA 'ISANG ORDINANSA NA NAGPAPATIBAY NA BAGUHIN AT MAGTAKDA NG BAGONG SINGILING LEGAL SA BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN'."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** nilalayon ng Barangay Tanawan na palakasin ang kanilang Revenue Code;

**SAPAGKA'T,** ninanais ng Barangay Tanawan na palakasin ang kanilang Revenue Performance sa pamamagitan ng pagpapalawig ng kanilang mga singiling legal na dating walang bayad;

**SAPAGKA'T,** sa ginawang pag-aaral ng Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan ay napatunayang ang hakbanging ito ng Sangguniang Barangay ng Tanawan ay marapat at walang lalabaging anumang batas at makakatulong upang makadagdag ng sapat na pondo na siyang tutugon sa pangangailangan ng kanilang barangay.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 6-2022 ng Sangguniang Barangay ng Tanawan na may pamagat na "Isang ordinansa na nagpapatibay na baguhin at magtakda ng bagong singiling legal sa Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan".

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-30 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-30 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim